

Gabay sa Mapagkukunan ng Chinatown International District

Ang gabay na ito ay pinaunlad upang suportahan ang mga taong walang tinutuluyang tahanan sa Chinatown International District (CID). Maaari din gamitin ng mga naninirahan o nagtatrabaho sa kapitbahayan at mga kalapit na lugar. Lahat ng mga nakalistang mga adres ay nasa Seattle. Bisitahin ang online na gabay na ito sa <https://bit.ly/CID-resource-guide>.

Kasagutan:



Tulong sa Pagkain
at mga Kagamitan



Mga Day
Center



Mayroong
Libreng pagsasalin*



Organisasyong
nakabatay sa
pananampalataya



Mga
Silungan
sa Gabi



Mga Banyo at
Paliguan



Tulong sa
Kalusugan at
Mapagkukunang
Medikal



Serbisyo Suporta para sa mga
Karahasan sa Tahanan/Nakaligtas

*Kung kayo ay nakipagugnayan sa isang organisasyon na mayroong simbolo ng libreng pagsasalin sa tabi nito, kayo ay makokonekta sa isang kinatawan at kinakailangan na sabihin ang wikang inyong kailangan.

Mga Numero ng Telepono upang Makatulong sa Pag-hahanap ng mga Mapagkukunan & mga Serbisyo

Tagapag-ugnay ng REACH Outreach Care: Ashley Shepherd

- Numero ng Telepono: 206-715-3795
- Adres ng Email: Ashleys@etsreach.org
- Maaaring tulungan ni Ashley na makapag-rehistro ang mga tao para sa mga benepisyo, makuha ang kanilang mga ID, telepono, at mga card ng Social Security, at makahanap ng masisilungann kung mayroon man.



Tanggapan ng Pagseserbisyo sa mga Kostumer sa Lungsod ng Seattle

- Numero ng Telepono: 206-684-2489
- Mga Oras: Lunes-Biyernes, 8 ng umaga - 5 ng hapon
- Maaari kayong makipaguganyan sa Tanggapan ng Pagseserbisyo sa mga Kostumer upang humiling ng serbisyo gaya ng pagbubura ng graffiti, paglilinis ng ilegal na pagbabasura, o magbigay ng mungkahi, papuri, angal o komento.





- Numero ng Telepono: 211
- Mga Oras: Lunes-Biyernes, 8 ng umaga - 6 ng gabi
- Hinahatid sa inyo ng 211 ang mga impormasyon tungkol sa lahat ng serbisyong pang-kalusugan at pantao sa King County, gaya ng sa pagkain, tulong sa pabahay, pangangailangan sa pananalapi, at tulong sa larangan ng legal.
- Mayroong pagsasalin sa Espanyol. Para sa pagsasalin sa ibang wika pindutin ang 5. Ang tagal ng paghihintay ay maaaring mas matagal pa sa 20 minuto.



Mga Hindi-Pangemershensiya na Tatawagan sa Larangan ng Kaligtasan sa Kapitbahayan

Para sa mga emerhensiya o pagtatangka sa buhay, tawagan ang 911.

Tagapag-ugnay sa Kaligtasan ng Publiko sa CID

- Adres ng Email: safe@seattlechinatownid.com
- Ang Tagap-ugnay sa Kaligtasan ng Publiko sa CID ay tumutulong sa mga miyembro ng komunidad upang makipag-ugnay sa mga departamento ng Lungsod, mga organisasyon ng komunidad, at mga ahensiyang serbisyo upang ilaan ang atensiyon at sagutin ang mga alalahanin at katanungan sa pampublikong kaligtasan, at magdulot ng napapanahon na pagbabalita tungkol sa mga tinutunguhan ng krimen at kainitan ng isang lugar.

Ang Linyang Pagrereport ng Insidenteng Pagkapoot o Pagkikiling -- Chinese Information and Service Center



- Upang mag-report nang di nagpapakilala tungkol sa mga insidenteng pagkapoot at pagkikiling, maaaring tawagan ng mga miyembro ng komunidad ang mga kawani ng Chinese Information and Service Center (CISC) sa:
 - Intsik o Ingles: 206-886-2667
 - Ruso o Ingles: 425-326-9479
 - Ukranian o Ingles: 425-326-9479
 - Espanyol o Ingles: 425-598-5436
 - Vietnamese o Ingles: 206-294-9053
- Mga Oras: Lunes-Biyernes, 8:30 ng umaga - 5:30 ng hapon. Mag-iwan ng mensahe sa mga oras na walang serbisyo. Maaaring abutin ng isang araw ng pagtrabaho upang mabalikan ng sagot ang isang tumawag.

Hindi serbisyong pang-emerhensiya ang CISC at ang Coalition Against Hate and Bias. Kung nasa panganib ang mga miyembro ng komunidad, tawagan ang 911.

MGA HINDI-PANGEMERHENSIYANG TATAWAGAN SA DEPARTAMENTO NG PULISYA NG SEATTLE

Ang Tagapag-ugnay Para sa Pampublikong Kaligtasan sa CID:

Monica Ly

- Numero ng Telepono: 206-369-0489
- Adres ng Email: monica.ly@seattle.gov
- Inaalalayan ni Monica ang implementasyon ng Planong Aksyon para sa Pampublikong Kaligtasan sa CID at pinamamadali ang komunikasyon sa pagitan ng Departamento ng Pulisya ng Seattle at ng komunidad.

Ang Tagapag-ugay sa Pag-iibas ng Krimen: Barb Biondo

- Numero ng Telepono: 206-233-0015
- Adres ng Email: barbara.biondo@seattle.gov
- Nagbibigay si Barb ng libreng serbisyo sa pag-iibas ng krimen para sa mga residente ng komunidad, negosyo at mga may-ari ng mga ari-arian. Tawagan si Barb para sa impormasyon pati na ang tungkol sa Pagsusuri sa Seguridad ng Gusali, Pagsasanay sa Personal na Kaligtasan, ang pagtagawag ng 9-1-1, at ang pagsisimula ng Bantay Kapitbahayan (Neighborhood Watch).



Mga Linya ng Telepono para sa Krisis sa Kalusugan ng Pag-iisip

988 Ang Tangkang Pagpapakamatay at Krisis sa Linya ng buhay

- Numero ng Telepono: 988
- Mga Oras: 24 oras kada araw
- Kinokonekta ng numerong ito ang mga tao sa pamamagitan ng pagtawag, text, o chat, upang pangalagaan at suportahan ang sinoman na nakakaranas ng pagkabalisa sa kalusugang pag-iisip.
- Ang mga serbisyong pagtext at chat ay matatanggap sa wikang Ingles lamang.



Linya ng Koneksyon sa Krisis

- Numero ng Telepono: 866-427-4747
- Mga Oras: 24 oras kada araw



- Ang mga Koneksyon sa Krisis ay nag-uugnay sa mga taong nasa pisikal, emosyonal, at pinansyal na krisis sa mga serbisyong makakatulong.
- Mayoong pagsasalin kung ito ay hihilingin.

Linyang ng Text na Pang-Krisis



- Numero ng Telepono: I-text ang HOME sa 741741
- Ang Linyang Para sa Text na Pang-Krisis ay nagsisilbi sa sinoman na nasa anumang uri ng krisis at nagbibigay ng pag-access sa libre, 24/7 suporta sa pamamagitan ng pag-text.
- Suportado sa wikang Ingles at Espanyol.

Ang Proyektong Trevor na Lifeline

- Numero ng Telepono: 1-866-488-7386
- Mga Oras: 24 oras kada araw
- Tawagan ang numerong ito para kumonekta sa mga sinanay na tagapayo na nakakaunawa sa mga hamon na kinakaharap ng mga kabataang LGBTQ. Lahat ng mga usapin ay lihim, at maaari ninyong ibahagi ang kung anumang dami o kung iilan lamang na inyong ninanais.



Mga Day Center

Ang mga Day Center ay nagbibigay ng mga espasyo para sa mga walang tahanan na mga tao upang makapag-pahinga sa araw. Mga oras at serbisyo (kasama na ang pagkain, paliguan, ang pagsangguni sa pabahay) ay nagiiba batay sa lokasyon. Tumawag sa mga nakalistang mga numero ng telepono para sa karagdagan pang mga impormasyon.

Compass Multi-Service Center



- Adres: 210 Alaskan Way (hanapin ang orange na arko)
- Mga Numero ng Telepono:
 - Day Center: 206-474-1630;
 - Sentro ng Kalinisan: 206-474-1680
- Mga Oras:
 - Day Center: Lunes - Biyernes, 9 ng umaga - 4 ng hapon
 - Sentro ng Kalinisan: Lunes - Biyernes, 7 ng umaga - 2:30 hapon at Sabado, 8 ng umaga - 12 ng tanghali
 - Sarado sa mga araw ng pagdiriwang
- Nagbibigay ang mga center na ito ng mga serbisyo sa koreo, pamamahala ng mga kaso, masisilungan at pagsangguni sa

pabahay, paliguan at labahan, pag-access ng mga propesyunal sa medikal, at marami pang iba para sa mga nag-dadanas ng walang tinitirahan o di-matatag na pamamahay.

Mga Silungan sa Masama/Matitinding Panahon



- Numero ng Telepono: Tumawag sa 2-1-1 para sa karagdagang impormasyon
- Nag-iiba ang mga adres at Oras
- Ang Awtoridad sa Rehiyon ng King County Para sa mga Walang Matirahan (King County Regional Homelessness Authority) ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa pagpapalano para sa malubhang panahon at mga pansamantalang masisisilungan.

International District/Silid-Aklatan sa Chinatown



- Adres: 713 8th Ave S
- Numero ng Telepono: 206-386-1300
- Mga Oras: Lunes at Martes, 1 - 8ng gabi; Miyerkules - Sabado, 11 ng umaga - 6 ng gabi; sarado sa Linggo
- Mga Kaginhawaan: mga libreng pampublikong computer, Wi-Fi, copier na may kulay, scanner at pag-imprensa, at mga pang-isahan na para sa lahat na kasarian na banyo

Mary's Place Day Center para sa mga Kababaihan

- Adres: 1830 9th Ave
- Numero ng Telepono: 206-812-8559 extension 119
- Mga Oras sa Day center: Lunes - Biyernes, 7 ng umaga - 3:30 ng hapon; Sabado, 9 ng umaga - 1 ng hapon
 - Agahan: 7:30 - 8:30 ng umaga
 - Pananghalian: 11:30 - 12:30 ng tanghali
 - Walang karagdagang mga serbisyo ang makukuha sa araw ng Sabado maliban sa agahan, serbisyo sa simbahan, at pananghalian.



Real Change

- Adres: 96 S Main Street
- Numero ng Telepono: 206-441-3247
- Mga Oras: Lunes at Martes, 8:30 ng umaga - 2 ng hapon; Miyerkules at Biyernes, 8:30 ng umaga - 4 ng hapon
- Ang Real Change ay nagbibigay ng mababang-hadlang na pagkakataon sa trabaho na mayroong pamamahala ng kaso.

Day Center sa Jefferson Salvation Army

- Adres: 420 4th Ave S
- Numero ng Telepono: 206-338-5707
- Mga Oras: Araw-araw, 7 ng umaga - 5 ng hapon (pati mga araw ng Pagdiriwang)
- Bumisita ng personal para sa mga unang dumating, unang paglilikiran na mga referral sa iba't ibang pinahusay na silungan ng Salvation Army. Ang mga pinahusay na silungan ay nagbibigay ng pamamahala ng kaso, paghahanap ng pabahay, at serbisyo sa pagkain (na hindi ibinibigay ng mga day center).
- Mayroong paliguan, labahan, at serbisyo sa paghahanap ng masisilungan sa mga oras ng day center. Makakakuha ng tagapagsalin sa personal lamang.



YWCA-Angeline's Day Center

- Adres: 2030 3rd Ave
- Numero ng Telepono: Front Desk: 206-436-8650
- Mga Oras: Lunes - Biyernes, 10 ng umaga - 4 ng hapon; sarado ng Sabado at Linggo
- Nagbibigay ang Angeline's Day Center ng paliguan, labahan, at pananghalian. Malugod na tinatanggap ang mga walk-in base sa unang dumating, unang paglilingkuran.



Mga Silungan sa Gabi

King County Family Emergency Shelter Community Intake Line

- Numero ng Telepono: 206-245-1026
- Mga Oras: Araw-araw, 8 ng umaga - 11:30 ng gabi
- Ang mga lokasyon ng mga silungan ay iba-iba
- Ang linyang ito ay nagbibigay ng pagtanggap sa mga emerhensiyang pagsisilungan para sa mga taong buntis o may kasamang mga bata na naninirahan sa labas o sa sasakyan. Maaari ninyong tawagan ang linya sa pagtanggap upang maidagdag kayo sa pang-araw-araw na listahan ng nag-aantay ng tawag mula sa isang Pagsisilungan sa King County. Ang mga kakailanganin na ID at dokumento ay magkakaiba depende sa lokasyon ng pagsisilungan.
- Hindi garantisado ang mga higaan dahil limitado ang espasyo. Hindi kinakailangan ng mga bisita ng koneksyon sa



panlipunang serbisyo upang masimulan na mapasama sa waitlist o sa prosesong pagtatanggap.

- Mayoong pagsasalin kung ito ay hihilingin.

MGA MASISILUNGAN PARA SA KABABAIHAN

Emerhensiyang pagsisilungan sa YWCA

- Adres: 1118 5th Ave
- Numero ng Telepono: 206-461-4882
- Para sa mga kababaihan at mga bata, tawagan ang numero na nakalista sa itaas para sa iskrining at pagtanggap.

MGA CENTER PARA SA PAGPAPAKATINO

Serbisyong Pantao sa Pioneer -- Sentro ng Dibersyon ng King County (King County Diversion Center)

- Adres: 400 Yesler Way
- Numero ng Telepono: 206-349-0165
- Mga Oras: Araw-araw, 5 ng hapon - 7 ng umaga; mga pansariling pagsangguni at pagsangguni sa mga ospital ay hihinto ng 1:30 ng umaga
- Ang center ay nagbibigay ng lugar para sa mga taong madalas na walang tirahan at lasing upang maging matino at makatulog. Walang proseso para sa pagaaplay. Kabahagi ng serbisyo ang sentro ng pagdidibersyong nasusubaybayan ng paggagamot, lugar ng pagtutulugan, pagkain, pagtatasa ng disorder sa paggamit ng substansya at mga pagsangguni sa pagtatasa ng kalusugang pag-iisip, pagsangguni sa pagpapayo sa labas, ang matinding pamamahala ng kaso, at pabahay.



Karahasan sa Tahanan/Serbisyo ng Pagsusuporta sa Nakaligtas

API Chaya

- Linya ng Tulong: 1-877-922-4292 o 206-325-0325
- Mga Oras: Lunes - Biyernes, 10 ng umaga - 4 ng hapon
- Pinagsisilbihan ng API Chaya ang mga nakaligtas sa pangaabusong sekswal, pangaatake, at ang pangangalakal ng tao at gumagawa sa bawat indibidwal sa loob ng kanilang sariling konteksto sa kultura, kabilang ang mga komunidad ng Asiano at Taga-isla Pasipiko.



Sentro ng Pag-aabuso at Sakuna sa Harborview



- Adres: 401 Broadway, Suite 2075
- Numero ng Telepono: 206-744-1600
- Mga Oras: Lunes - Biyernes, 8:30 ng umaga - 5 ng hapon
- Nagdudulot ng libreng serbisyo ang sentrong ito para sa mga bata at mga may edad pati na ang pagtutulong sa krisis, suporta, medikal at legal na adbokasya, ang bahagyang pagsuporta sa pagpapayo, impormasyon at pagsangguni. Maaaring makipagkita sa aming tanggapan, sa komunidad, sa telepono o sa pamamagitan ng ZOOM.
- Kung kayo ay tatawag sa mga oras ng walang opisina, bibigyan kayo ng impormasyon upang matulungan kayo sa mga susunod na hakbang.

Center ng Mapagkukunan para sa Pangaatakeng Sekswal ng King County



- Numero ng Telepono: 888-998-6423
- Mga Oras: 24 oras kada araw
- Ang center ng mapagkukunan na ito ay nagbibigay ng pagaalalay sa gitna ng krisis, impormasyon at pagsasangguni, at suporta sa sinoman ang nakakaranas ng sekswal na pangaatake, sa kanilang mga pamilya o mga kaibigan, o sino man ang may pag-aalala tungkol sa sekswal na pangaatake o pangaabuso ng bata at kaligtasan sa kanilang komunidad.
- Ayuda en Español: 425-282-0324, Gratis y confidencial, Llame de lunes a Viernes: 8am - 5pm

New Beginnings



- Numero ng Telepono: 206-737-0242
- Mga Oras: 24 oras kada araw
- Nagbibigay ang New Beginnings ng mga serbisyo pati na ang helpline, legal na adbokasiya, pagpapayo, grupong pagsusuporta, at pagpapalano ng kaligtasan. Pinagsisilbihan ng organisasyon ang mga nakaligtas na mayroong o walang mga anak, na inabuso ng kanilang may-bahay sa gitna ng kanilang matalik na relasyon.



Mga Organisasyon ng Serbisyong Panlipunan

Ang mga organisasyon na ito ay nagbibigay ng ibat-ibang naaangkop na makakulturang serbisyo na maaaring bahagi ang pagkain, kalusugan at kaayusan sa pagdadala ng sarili, pagaalaga sa kalusugan, pamamahala ng mga kaso, tulong sa pabahay, pagpapayo, at marami pa. Makipag-ugnayan sa organisasyon para sa karagdagan pang impormasyon tungkol sa partikular na mga programa at mga serbisyong kanilang inaalok. Libre ang mga serbisyo maliban na lamang kung ito ay nabanggit.

Asian Counseling and Referral Service (ACRS)

- Adres: 3639 Martin Luther King Jr Way S
- Numero ng Telepono: 206-695-7600
- Mga Oras: 9 ng umaga - 4 ng hapon, Lunes - Biyernes ay para sa mayroong appointment lamang
- Nagho-host ang ACRS ng mga serbisyo at programa para sa buong komunidad ng Asian American at Pacific Islander na nagbibigay ng serbisyo sa pagsasanay sa trabaho, kalusugan ng isip, mga serbisyo ng kabataan, at food bank.



Bread of Life Mission Shelter

- Adres: 97 S Main St
- Numero ng Telepono: 206-682-3579
- Mga Oras:
 - Mainit na kape at mga tinapay araw-araw ng 8:30 ng umaga
 - Pananghalian: Lunes - Biyernes, 12:15 - 1 ng tanghali
 - Hapunan: Lunes - Sabado, 7 - 7:45 ng gabi
 - Pinamimigay ang damit na pang-babae: Martes, 1 ng hapon - 2 ng hapon
 - Pinamimigay ang damit na pang-lalaki: Biyernes, 1 ng hapon - 2 ng hapon
 - Humiling ng higaan sa tulong ng day center, bukas Lunes - Biyernes, 8:30 ng umaga - 2 ng hapon



Chief Seattle Club

- Adres: 410 2nd Ave Extension S
- Numero ng Telepono: 206-715-7536
- Mga Oras:
 - Mga drop-in na serbisyo: Araw-araw, 7 ng umaga - 2 ng hapon



- Agahan: Araw-araw, 8 - 9:30 ng umaga
- Pananghalian: Araw-araw, tanghali - 1 ng hapon
- Mga serbisyo sa kalinisan: Araw-araw: 7 - 10 ng umaga
- Ang Chief Seattle Club ay isang ahensiyan na pinamumunuan ng Katutubong Amerikano na sumusuporta sa mga American Indian at mga Katutubong Alaska.

Chinese Information and Service Center (CISC)



- Adres: 611 S Lane St
- Numero ng Telepono: 206-624-5633
- Mga Oras:
 - Tanggapan: Lunes - Biyernes, 8:30 ng umaga - 5 ng hapon
 - Legal na klinika: Martes, 5:30- 7:30 ng gabi sa pamamagitan ng telepono sa 206-957-8548
- Nagaalok ang CISC ng Programa na Panguporta sa Pamilya, pagsuporta at edukasyon para sa imigrante, ang programa na para sa kabataan pagkatapos ng mga eskwela, at marami pang iba.

Community Health Access Program (CHAP) - King County



- Adres: Pampublikong Kalusugan -- Seattle at King County; 401 5th Ave, Suite 1000
- Numero ng Telepono: 1-800-756-5437 o 206-284-0331
- Mga Oras: Lunes hanggang Biyernes, 8 ng umaga - 6 ng gabi
- Ang CHAP ay isang programa sa telepono na tulong na sinisilbihan ang mga residente ng King County. Ang CHAP ay nagpapatala ng mga tao sa segurong pangkalusugan, diskwento sa transportasyon, pagkain, at iba pang mga programa.

International Drop-In Center (IDIC) Filipino Senior and Family Services



- Adres: 7301 Beacon Ave S
- Numero ng Telepono: 206-587-3735
- Mga Oras:
 - Tanggapan: Lunes - Biyernes, 9 ng umaga - 5 ng hapon
 - Food Bank: Biyernes, 1 - 2 ng hapon
 - Mga Mainit na Makakain: Miyerkules, Biyernes, 11 ng umaga - 1 ng hapon
- Ang IDIC ay isang Pilipinong organisasyon na nagaabot ng adbokasiya sa pangangalaga sa kalusugan at serbisyong panlipunan sa mga ang edad ay higit sa 55 anyos at sa mga



pamilyang imigrante. Pinagsisilbihan din ang mga may edad na mayroong kapansanan.

Salvation Army Women's Shelter

- Adres: 1101 Pike St
- Numero ng Telepono: 206-447-9944
- Mga Oras:
 - Mga Oras ng Food Bank: Lunes, 11 ng umaga - 12 ng tanghali at 1 - 3 ng hapon; Martes-Biyernes, 10 ng umaga - 12 ng tanghali
 - Mga Oras para sa Tulong Kapag Gipit sa Pananalapi: Sa ika-1 - Ika-3 ng buwan, 8 ng umaga - 4 ng hapon
 - Mga Oras ng Adbokasiya Para sa Karahasan sa Tahanan: Lunes - Biyernes, 9 ng umaga - 5 ng hapon
- Hindi ninyo kinakailangan ng referal upang makatanggap ng tulong pinansiyal, adbokasiya sa karahasana sa tahanan, at mga serbisyo sa food bank. Kayo ay maaaring tumuloy sa gusali ng serbisyo sa kliyente upang makatanggap ng mga serbisyo. Ang pagtawag muna ay rekomendado. Ang pinahusay na masisilungan ay bukas sa pamamagitan ng referral lamang.



Indian Center ng Seattle

- Adres: 624 S Dearborn St
- Numero ng Telepono: 206-329-8700
- Mga Oras:
 - Tanggapan: Lunes - Biyernes, 9:30 ng umaga - 5:30 ng hapon
 - Food Bank: Martes at Huwebes, 1 - 3 ng hapon
 - Mga ibinibigay na maiinit na makakain: Lunes - Biyernes, 9 ng umaga at 12 ng tanghali
- Ibinibigay ng center na ito, makakain, at iba pang pangangailangan. Nakatuon sa pagsisilbi sa mga American Indian/ Katutubong Alaska na komunidad, mga taong may kulay, pati na rin kung sino man na mayroong pangangailangan.



Solanus Casey Center

- Adres: 804 9th Ave
- Numero ng Telepono: 206-223-0907
- Mga Oras: Lunes - Huwebes, 1 - 4 ng hapon
- Tinutulungan ng Solanus Casey Center na makakuha ang mga tao ng ID sa estado ng WA, sertipikasyon ng pag-aanak, at mga



voucher para sa salamin na may preskripsyon. Mayroong mga telepono at computer na maaaring magamit.

Helpline ng St. Vincent de Paul

- Numero ng Telepono: 206-767-6449
- Mga Oras: Lunes - Biyernes, 8 ng umaga - 3 ng hapon
- Maaari ninyong tawagan ang numero ng telepono na ito para sa isa sa isang pagsusuporta, tulong sa renta, tulong sa utility, at mga referal para sa karagdagan pang suporta. Nagbibigay ang St. Vincent de Paul ng libreng mga voucher para sa gasolina, damit, pagkain, at mga pangunahing mga pangangailangan. Tumawag muna upang alamin ang mga voucher at tulong na maaari ninyong makuha.
- Ang tagal ng paghihintay ay maaaring mas matagal pa sa 30 minuto. Magagamit ang interpretasyon sa Espanyol.



Mga Mapagkukunang Tulong Pangkalusugan at Tulong Medikal

Country Doctor Community Health Center

- Adres: 2101 E Yesler Way, #150
- Numero ng Telepono: 206-709-7199
- Mga Oras: Lunes - Biyernes, 6 - 9 ng gabi; Sabado-Linggo, 11 ng umaga - 5 ng hapon. Tinatanggap ang mga walk-in.
- Ang center na pangkalusugan ng komunidad ay naghahandog ng pangunang serbisyo sa pangangalaga at ng on-site na botika. Depende sa inyong kita, maaari kayong makatanggap ng diskwento. Tinatanggap ang Medicare, Apple Health (Medicaid) na seguro, at ang mga walang seguro na mga pasiyente.



Entre Hermanos

- Adres: 1621 S Jackson, Ste. 202
- Numero ng Telepono: 206-322-7700
- Mga Oras: Ang pag-test ng HIV at STI: Lunes - Miyerkules, 10 ng umaga - 5:30 ng hapon
- Isinusulong ng Entre Hermanos ang kalusugan at kapakanan ng komunidad ng Latino LGBTQ sa angkop na maka-kulturang paligid.



[International Community Health Services \(ICHS\)](#)



- Adres: 720 8th Ave S
- Numero ng Telepono at mga Oras:
 - Oras ng Klinika ng Dentista: 206-788-3757, Lunes - Sabado, 7:30 ng umaga - 6 ng gabi
 - Oras ng Klinika para sa Mata: 206-788-3505, Lunes - Biyernes, 8 ng umaga - 5 ng hapon
 - Oras ng Klinika Medikal: 206-788-3700, Lunes, Martes, Biyernes, 7:30 ng umaga - 6 ng gabi; Miyerkules, Huwebes, 7:30 ng umaga - 7 ng gabi; Sabado, 8:30 ng umaga - 5 ng hapon
- Tumawag nang makapag-appointment, ang pag-aappointment sa kaparehong araw ay maaaring makuha. Maka-kultura at maka-wikang angkop na mga serbisyong pangkalusugan.
- Tinatanggap ng ICHS ang Apple Health (Medicaid) at Medicare. Depende sa inyong kita, maaari kayong makatanggap ng diskwento. Kinakailangan ng ID mayroong litrato at patunay sa seguro para sa pagsingil sa seguro.

[Neighborcare Health sa Pike Place Market](#)



- Adres: 1930 Post Alley
- Numero ng Telepono: 206-728-4143
- Mga Oras:
 - Lunes - Huwebes, 8 ng umaga - 5 ng hapon (tuwing ika-1 at ika-3 Miyerkules, 9:30 ng umaga - 5 ng hapon); Biyernes, 8 ng umaga - 4 ng hapon
 - Mga oras ng pagdrop-in para sa mga walang bahay na tinutuluyan o mga taong nasa permanenteng sumusuportang pabahay: Lunes at Huwebes, 1 -3:30 ng hapon
- Nagbibigay ang Neighborcare para sa mga may edad ng pangunang serbisyong medikal, serbisyo sa kalusugan ng pagdadala sa sarili, serbisyo sa kapansanan dulot ng paggamit ng sangkap. Matutulungan kayong makapag-enrol sa seguro at sa iba pang mga tumutulong na programa, at botika. Depende sa inyong kita, maaari kayong makatanggap ng diskwento.

[Pampublikong Kalusugan - Seattle & King County - Center ng Pampublikong Kalusugan sa Downtown \(Downtown Public Health Center\)](#)



- Adres: 2124 4th Ave
- Numero ng Telepono: 206-477-8300

- Oras sa Numero ng Telepono: Lunes - Biyernes, 8 ng umaga hanggang 5 ng hapon. Tawagan ang numero ng telepono upang matiyak ang oras ng serbisyong pangharapan.
- Naghahandog ang Downtown Public Health Center ng mga serbisyo pati na ng para sa may edad at pangbata na pangkalusugang pangangalaga, pangangalaga sa ngipin, Bupe Pathways (kilala rin na Suboxone o buprenorphine) na klinika, serbisyo sa pagsuporta sa panganganak, at botika.

[Pampublikong Kalusugan -- Seattle & King County Mobile Medical Van](#)



- Tawagan si: Eric J - Ispesyalista sa Edukasyon, 206-477-7682; Tarek S. - REACH, Pagaabot, 206-482-3073
- Makikita dito ang iskedyul: <https://kingcounty.gov/depts/health/locations/homeless-health/mobile-medical-care.aspx>
- Nagbibigay ang van ng pangangalagang medikal sa mga walk-in na nakakaranas ng walang tinitirahan o di-matatag na pabahay.

[Klinika Medikal sa Pioneer Square](#)



- Adres: 206 3rd Ave S
- Numero ng Telepono: 206-744-1500
- Mga Oras: Martes - Biyernes, 8:15 ng umaga - 4 ng hapon; Miyerkules, 9 ng umaga - 4 ng hapon
- Kabahagi sa mga serbisyo ng Pioneer Square Medical Clinic ay ang podyatriya/pagaalaga sa paa, serbisyong panlipunan, pagkokonsulta sa isang bihasa sa diyeta, at ang edukasyon sa kalusugan. Mayroong botika sa lugar na pinupuno ang preskripsyon. Sinisilbihan ng klinika ang mga may edad 18 o mas matanda pa na mayroong mababang kita, walang tinitirahan, o walang seguro sa kalusugan. Libre para sa mga nakakaranas ng walang tinitirahan.
- Maaari kayong humiling ng tagapagsalin kung kayo ay magtatakda ng appointment.

[Seattle Indian Heritage Board \(SIHB\)](#)



- Mga Adres:
 - Klinika sa International Distict: 611 12th Ave S
 - Klinika sa Pioneer Square: 410 2nd Ave Ext S
- Numero ng Telepono: 206-324-9360
- Mga Oras: Lunes-Biyernes, 8 ng umaga - 5 ng hapon



- Ang SIHB ay isang center ng pangkalusugan ng komunidad na nagbibigay ng sebisiyong pangkalusugan at pantao sa mga pasyente nito at kinatatangian ang pagaalaga sa mga Katutubong tao. Medikal, dental, kalusugan sa pag-iisip, serbisyo sa kapansanan dulot ng paggamit ng sangkap, Tradisyunal na Gamut ng mga Indian, Programa ng mga Native Elders, at serbisyo para sa mga pasiyente na wala sa center. Nagbibigay ng serbisyo para sa kalusugan ng ina at sanggol pati na ang Programang Women, Infants, and Children Nutrition (WIC). Depende sa inyong kita, maaari kayong makatanggap ng diskwento.

MGA SERBISYO NG DENTAL



Neighborcare Health sa Pacific Tower

- Adres: 1200 12th Ave S, Ika-4 na palapag (Suite 401)
- Numero ng Telepono: 206-548-5850
- Mga Oras: Lunes-Biyernes, 7 ng umaga - 6 ng gabi
- Nagbibigay ang Neighborcare ng komprehensibong pangkalahatang dentistriya at emerhensiyang pangangalaga sa ngipin sa lahat ng edad na pasyente. Depende sa inyong kita, maaari kayong makatanggap ng diskwento.

Union Gospel Mission ng Seattle, Klinika ng Dental



- Adres: 205 3rd Ave
- Numero ng Telepono: 206-621-7695
- Mga Oras: Lunes - Biyernes, 9 ng umaga - 3 ng hapon
- Nagbibigay sila ng serbisiyong dental para sa may mga edad 18 at masmatanda pa na may kinikita ng o masbababa pa sa 200 porsiyento ng Antas ng Pederal sa Pagkapulubi (Federal Poverty Level).
- Tumawag upang makipag-appointment. Kinakailangang may mga dokumento: ID na may litrato, liham sa pagkakatanggap ng food stamp, o dokumentasyon ng tungkol sa kinikita sa loob ng nakaraang dalawang buwan. Ang babayaran ay \$20 bawa't pagbisita, debit o credit card lamang.
- Nakapagsasalita ang mga tauhan nito ng mga wika: Ingles at Espanyol.

MGA MAPAGKUKUNAN SA LARANGAN NG PAGGAMIT NG SANGKAP AT ADIKSYON

Evergreen Treatment Services

- Adres: 1700 Airport Way S
- Numero ng Telepono: 206-223-3644
- Mga Oras: Lunes - Sabado, 5:30 ng umaga - 12:45 ng hapon, sarado tuwing Linggo
- Sila ay naghahandog ng medication assisted treatment (MAT) sa mga pasiyente dahil sa kapansanan sa paggamit ng opioid. Kabahagi sa mga serbisyo ang araw-araw na pagbibigay ng methadone o buprenorphine na may kasamang pagpapayo at pakikipag-ugnayan sa nagdudulot ng paggagamot. Magtakda ng appointment ng personal.

Harborview Medical Center -- Serbisyo sa Kalusugan sa Pag-iisip at Adiksiyon



- Adres: 401 Broadway, Unang Palapag
- Numero ng Telepono: 206-744-9600
- Mga Oras: Lunes - Biyernes, 8 ng umaga - 5 ng hapon
- Nagbibigay ang Mental Health and Addiction Services ng mga serbisyo na kabahagi dito ang pagaalalay sa gitna ng krisis, pagsusuring saykayatrika, psychotherapy, pagpapalunas sa tulong ng grupo, pamamahala ng kaso, at serbisyo sa geriatric psychiatry, pati na ang paggagamot ng mga indibidwal na nagsasabay ang paggamit ng kemikal at kapansanan sa larangan ng pag-iisip at mga pasiyenteng may comorbid na isyung medikal.

Hepatitis Education Project



- Adres: 1621 S Jackson St, #201
- Numero ng Telepono: 206-732-0311
- Mga Oras:
 - Pagbabakuna para sa Hepatitis A & B at Pag-te-test para sa Hepatitis B & C: Lunes-Huwebes, 12:30 - 4:30 ng hapon
 - Programa sa Perserbisyo ng Buprenorphine at Hiringgilya: Lunes-Huwebes, 12:30-5:30 ng hapon
 - Klinikang Suboxone: Martes-Huwebes, 1- 4:30 ng hapon
- Naghahandog ang Hepatitis Education Project ng serbisyo sa hiringgilya, malinis na suplay ng pag-iineksyon, pagsasanay sa pagiwas ng overdose, at serbisyo para sa lahat sa pagbabawas ng pananakit. Bumisita ng personal. Tumawag muna upang

ikumpirma na may isang provider na maaaring makatulong. Walang bayad.

Pampublikong Kalusugan --- Seattle & King County Palitan ng Karayum

- Adres: 2124 4th Ave
- Telepono Numero: 206-263-2000
- Mga Oras: Lunes - Biyernes, 1 - 5pm; Sabado, 2 - 4 ng hapon
- Ang Needle Exchange ay nagbibigay ng malinis na suplay ng ineksyon at Suboxone.

Ang Sharps Collection Program ng Seattle Public Utilities

- Chinatown International District (CID) Disposable Box na Adres: S King St at 10th Ave S
- Mga Oras: Nasa labas, 24 oras bawat araw
- Ang Programang ng Seattle Public Utilities sa Pagkolekta ng mga Matatalim ay nagbibigay ng ligtas na pagbabasura ng mga "matatalim" (mga hiringgilya, mga karayum ng ineksyon, at mga lanseta).



Pag-aalalay sa Pagkain at mga Suplay

MGA NAIHANDANG MAKAKAIN

ChuMinh Egg Rolls Bawat Linggo na Pagkain

- Adres: 1043 S Jackson St
- Mga Oras: Lingguhang Pagkain tuwing Linggo mula 10:30 ng umaga - 12:30 ng hapon
- Adres ng Email: theeggrollcrew@gmail.com
- Kadalasan may mga nagboboluntaryo na nagsasalita ng Vietnamese, Mandarin o Cantonese.



Pike Place Market Senior Center

- Adres: 85 Pike St #200
- Numero ng Telepono: 206-728-2773
- Mga Oras: Lunes - Biyernes, 8:20 ng umaga - 4:00 ng hapon; Sabado-Linggo, 8:20 ng umaga - 1:00 ng hapon
- Sinisilbi ang mga pagkain araw-araw - Agahan 8:20 - 9 ng umaga; Pananghalian Tanghaling tapat - 1 ng hapon, Pag-seserbisyo at mga aktibidad para sa mga taong edad 55 at pataas.



- Nagsisilbi ang Pike Market Senior Center ng almusal at mainit na pananghalian araw-araw. Tumawag o bumisita ng personal.
- May mga serbisyong matatanggap sa Espanyol at Tagalog.

Recovery Cafe, SODO

- Adres: 4202 6th Ave S
- Numero ng Telepono: 206-374-8731
- Mga Oras: Lunes - Biyernes, 9 ng umaga - 2 ng hapon
- Mga Miyembro ng Recovery Cafe ay nakakatanggap ng mga pagkain, mga klase sa paggaling, suporta mula sa mga kasapi, at mga pagsangguni. Bumisita upang makapag-sign-up para sa Pagpapakilala ng mga Panibagong Miyembro. Kahit sino man ay maaaring maging miyembro.

St. James Cathedral Pang-araw na Sentro

- Adres: 907 Columbia St
- Numero ng Telepono: 206-264-2091
- Oras ng Pagkain: Lunes - Biyernes, 4:15 ng hapon; Pagpila sa pagkain ay nagsisimula ng 3 ng hapon



FOOD BANK at mga SUPLAY

Danny Woo Hardin ng Komunidad

- Adres: 620 South Main St
- Libre Community Fridge na matatagpuan malapit sa gitna ng hardin, sa likod ng bodega. Kinakailangan gamitin ang hagdan, may ibang walang mga barandilya.
- Mga Oras: Araw-araw, 6 ng umaga - 9 ng gabi
- Nagsasalita ang mga boluntaryo ng mga sumusunod: Ingles, Mandarin, at Cantonese.



Komunidad ng Pilipino sa Seattle

- Adres: 5740 MLK Jr Way S
- Numero ng Telepono: 206-722-9372
- Mga Oras:
 - Food Bank: Martes, tanghali - 1 ng hapon
 - Tanghalian ng mga Matatanda at Food Bank: Lunes, Martes, Huwebes, 11:45 ng umaga - 12:30 ng hapon
- Mga Linggwahe: Ingles, Tagalog



Pike Market Food Bank

- Adres: 1531 Western Ave, Level 5 ng Garahe ng Paradahan
- Numero ng Telepono: 206-626-6462

- Walk-in na Oras ng Grocery: Martes, 9:30 ng umaga - 3 ng hapon (Mga naka-empakeng mga bag lamang, 9:30 - 10:30 ng umaga); Miyerkules, 3 ng hapon - 7 ng gabi; Huwebes, 9:30 ng umaga - 3 ng hapon. Mangyaring huwag darating ng maaga.
- Sinisilbihan ng Pike Market Food Bank ang mga residente ng 98101, 98104, o 98121 na mga zip code at ang mga walang tinitirahan na tumutuloy sa Downtown Seattle. Opsyonal ang pagpapakilala.
- Maaari kayong pumarito para sa grocery minsan lamang sa isang linggo sa mga bukas na oras. Ipa-alam sa mga kawani o boluntaryo kung kayo'y may mga isyu sa pagkilos at hindi makatayo sa pag-pipila.

SODO Community Market -- Northwest Harvest

- Adres: 1915 4th Ave S, malapit sa kanto ng 4th Ave S at S Holgate St
- Mga Oras: Lunes, 1:30 ng hapon - 7:30 ng gabi; Miyerkules, 8 ng umaga - 2 ng hapon; Biyernes, 8 ng umaga- 2 ng hapon (maaari magbago ang mga oras)
- Ang SODO Community Market ay isang tindahang grocery na walang-presyo na nagbibigay ng mga sariwang produkto, mga pangunahing paninda, at iba't ibang mga pagpipiliang opsyon na pagkain para sa mga nangangailangan. Walang ID o pagpapatunay ng kita, o impormasyon ng tirahan ay kakailanganin upang mamili sa amin.

St. Francis House

- Adres: 169 12th Ave
- Mga Oras: Lunes - Huwebes, 10 ng umaga - 2 ng hapon
- Nagbabahagi ang St. Francis House ng mga pakete sa pangangalaga na may mga gamit pang-banyo, mga pangmeryenda, damit panloob, sumbrero at mga gwantes. Mayroon din silang mga damit para sa mga lalaki, babae at mga bata, at mga gamit pangbahay (hindi mga kasangkapang pangbahay), na maaaring bilhin ng mga kliyente minsan sa loob ng 30 araw. Nagaalok sila ng kape at mga sandwich sa silid-tanggapan. Kinakailangan na mayroon kayo kahit na anong uri ng ID.





Mga Banyo at Paliguan

Lungsod ng Seattle Hotline para sa Paliguan

- Numero ng Telepono: 206-386-1030 -- Tawagan muna ang numero ng telepono para sa mga instruksyon at lingguhang pagbabago ng mga lokasyon.
- Mga Oras: 9 ng umaga - 4:30 ng hapon, pa-iba-iba ang mga araw batay sa lokasyon. Maaari ninyong tawagan ang numero ng telepono sa itaas para sa karagdagan pang impormasyon.
- Pumaroon sa lugar simula ng 8 ng umaga para mag-appointment. Ang mga appointment ay binibigay at pinagbabasihan sa kung sino ang nauna, sila ang masisilbihan muna.
- Ang Lungsod na Seattle ay nagdudulot ng libreng mainit na pagligo sa mga trailer ng paliguan sa tagal ng 45 minuto. Para gamitin ng nag-iisa, ginagawang sanitaryo bawat gamit, gwardiadong pagtatabi ng mga gamit habang ginagamit, mga alagang hayop ay gwardiado habang ginagamit.

Low Income Housing Institute (LIHI) Urban Rest Stop, Downtown

- Adres: 1924 9th Ave
- Numero ng Telepono: 206-332-0110
- Mga Oras: Lunes - Biyernes, 5:30 ng umaga - 6 ng gabi (Sarado 12:30 - 1:30 ng hapon para linisin); Sabado - Linggo, 8 ng umaga - 12 ng tanghali
- Nagaalok ang Urban Rest Stop ng mga banyo, paliguan, pasilidad sa paglalaba at limitadong paggugupit para sa mga may-edad at menor-de-edad ng anumang kasarian. Ang mga paliguan ay maaaring magamit ng naka-wheelchair. Hindi pinapayagan ang naka-inom. Nakakatanggap ng libreng mga gamit pang-ayos ang mga patron. Walang bayad.

Programang Seattle Public Utilities sa Pagbomba ng Tubig-kubeta ng RV

- Numero ng Telepono: 206-641-6991
- Nagdudulot ang Programang Pagbobomba ng serbisyong pangongolekta upang maitapon ang tubig-kubeta at mala-abong tubig na nagmumula sa mga Recreational Vehicle (RV). Minsan naka-enrol, darating ang nagkokolektang trak sa inyong RV ng regular. Tumawag nang makatakda ng appointment.



Pag-alaga ng hayop

Doney Doe Klinika para sa Alagang Hayop

- Adres: 1919 3rd Ave
- Mga Oras: Miyerkules - Huwebes, 9 ng umaga - 12 ng hapon; Ika-2 at ika-4 na Sabado ng buwan mula 12 - 3 ng hapon
- Nagbibigay ang Klinika ng Alagang Hayop sa Doney Coe ng libheng serbisyong beterenaryo at pangangalaga ng mga alagang hayop para sa mga kwalipikadong mababa ang mga kinikita at mga pamilyang walang tinitirahan. Libheng pagkain at suplay para sa mga alagang hayop ay binibigay bawat buwan sa ika-4 na Sabado.
- Tawagan info@doneycoe.org o bisitahin <https://doneycoe.org> para sa karagdagan pang impormasyon.

Seattle Veterinary Outreach



- Numero ng Telepono: 206-659-9810; mag-iwan ng mensahe kung walang sumasagot at ibabalik ng kawani ang inyong tawag sa loob ng dalawang araw ng trabaho
- Adres: Umiikot na lokasyon -- tawagan ang mga numero ng telepono o bisitahin ang www.seattlevet.org/calendar para sa impormasyon
- Mga Oras: 11 ng umaga - 2 ng hapon
- Nagbibigay ang Seattle Veterinary Outreach ng libheng pangunahing beterenaryong pagaalaga, pati na ang pagbabakuna, pag-alis ng bulati, pagkontrol ng pulgas, mga microchip, at pag-aalaga ng mga may sakit na alagang hayop. Libheng serbisyo sa mga walang tinitirahang mga indibidwal, pati na ang mga naninirahan lamang sa mga sasakyan.
- Tawagan ang numerong nakalista sa itaas upang humiling ng pag-sasalin.



Pagtatabi

SHARE/WHEEL, mga Storage Locker

- Adres: 711 Cherry St
- Numero ng Telepono: 206-448-7889
- Mga Oras: Martes at Huwebes, 7-9 ng umaga; Sabado at Linggo, 8 - 10 ng umaga

- Nagdudulot ang SHARE/WHEEL ng pagtatabi sa storage para sa isang araw o pang-matagalan na mga locker para sa pagtatabi ng gamit na maaaring magkasya ang isang duffle bag para sa sinoman na walang tinitirahan at makaka-pag dulot ng trabaho.
- Kakailanganin na kayo'y magkumpleto ng 2 oras na pagtatrabaho at dumalo sa isang araw na Linggo na miting bawat buwan.
- Mag-aplay ng personal sa mga oras ng operasyon. Walang bayad. Walang ID ang kakailanganin.



Pagaalalay sa Transportasyon

Hope Link -- papunta sa mga medikal na appointment



- Numero ng Telepono sa Pagreserba: 800-923-7433; TDD/TTY Linya: 800-246-1646
- Mga Oras: Lunes-Biyernes, 8 ng umaga - 5 ng hapon
- Nagdudulot ang Hope Link ng mga pagsakay (pasahe ng bus, pagbawi ng gastos sa gasolina, o sasakyan depende sa sitwasyon) patungo o galing sa mga lugar na kung saan ang indibidwal ay tumatanggap ng napondohang serbisyo ng Medicaid.
- Upang makapag-iskedyul ng sakay, tawagan ang isa sa mga numero sa itaas ng higit sa 48 oras bago sa appointment at may mga sumusunod na mga impormasyon na agad maibibigay: Numero ng Provider One (Medicaid), pangalan ng medical provider, pangalan, adres at numero ng telepono ng medikal na pasilidad, petsa ng appointment at oras, at rason ng appointment.
- Ang oras ng pag-aantay ay maaaring masmatagal pa ng 15 minuto bago makasagot ang rerepresentante sa inyong tawag.

Hyde Shuttle -- Sound Generations



- Numero ng Telepono: 206-727-6262
- Mga Oras ng Iskedyul: Lunes - Biyernes; 8 ng umaga - 4:30 ng hapon, dulot ng Rides: Lunes - Biyernes; 8 ng umaga - 4 ng hapon
- Ang Hyde Shuttle ay libreng may pang-lift, door-to-door na serbisyong transportasyon para sa mga may edad 55 o masmatanda pa; at para sa mga masbata na may mga

kapansanan. Adres ng tinitirahan ay kinakailangan (kasama ang mga sinusukuban, mga simbahan, atbp.).

- Kinakailangan ng mga tumatawag na pisilin ang buton na 1 dalawang beses upang makonekta sa isang makakausap na representante upang makahiling ng pagsasalin.

Ang King County Metro Transit Regional Reduced Fare Permit (RRFP) at ang ORCA Lift:



- Numero ng Telepono: 800-756-5437;
- Mga Oras: Lunes - Biyernes, 8 ng umaga - 5 ng hapon, sarado 1 - 2 ng hapon para sa pananghalian
- Adres: 201 S Jackson St; Mga Oras: Lunes - Biyernes, 8:30 ng umaga - 4:30 ng hapon
- Binibigyan karapatan ng RRFP ang mga matatandang sumasakay (edad 65 o masmatanda pa), mga sumasakay na may kapansanan at mga may tangan ng Medicare card ng nabawasang pasahe sa pampublikong transportasyon.
- Nagdudulot ang ORCA Lift ng nabawasang pasahe sa transit para sa mga may-edad na mababa ang kinikita. Hindi kinakailangan ang pagiging mamamayan. Magtipid na hanggang 50 porsiyento o higit pa sa pampublikong transportasyon. Magaplay ng personal, sa online, o tumawag para sa karagdagan pang impormasyon tungkol sa lokasyon ng pag-enrol at sa mga kinakailangang dokumentasyon.

Solid Ground - Mga Serbisyo ngTransportasyon:

- Mga Numero ng Telepono:
 - Iskedyul ng Umiiikot na Bus: 206-753-4801
 - Pagiging Karapatdapat na Pag-access sa Metro: 206-263-3113
 - Pag-iiskedyul ng Pag-access sa Metro: 206-205-5000
- Circulator na Ruta sa Downtown: Lunes - Biyernes, umaalis sa stop 1 ang unang bus ng 7 ng umaga, ang huling bus umaalis sa stop 1 ng 4 ng hapon, Dumadating ng mga halos tuwing 30 minuto.
 - Stop 1: 9th Ave at Alder
 - Stop 2: 4th Ave at Yesler
 - Stop 3: 1st Ave at Marion
 - Stop 4: 1st Ave at Pine
 - Stop 5: 1st Ave at Bell
 - Stop 6: 9th Ave at Virginia

- Stop 7: Boren at Seneca. Nagdudulot ang Solid Ground ACCESS ng serbisyong door-to-door na pwedeng kunin 7 araw bawat linggo, 24 oras bawat araw para sa hindi makasakay sa regular na bus.

Iba pang mga Mapagkukunan ng Kapitbahayan

International District/ Chinatown Community Center



- Adres: 719 8th Ave S
- Numero ng Telepono: 206-233-0042
- Mga Oras: Lunes, Miyerkules, Biyernes 11 ng umaga - 9 ng gabi; Martes at Huwebes, 10 ng umaga - 6 ng gabi; Sabado, 10 ng umaga - 5 ng hapon; sarado sa Linggo
- Mga Amenidad: Libreng pang-kalusugan at pangkapakanan na naiskedyul na mga programa para sa mga tinedyer, mga may-edad, at mga nasa 50 o masmatanda pa, at air-conditioning

Mga Pasasalamat

Ang gabay na ito ay naidulot sa pakikipagsosyo sa komunidad ng Chinatown International District, mga organisasyon ng komunidad, at sa Lungsod ng Seattle. Karamihan ng mga impormasyon sa gabay na ito ay makikita sa [The Emerald City Resource Guide ng Real Change](#). Ispesyal na pasasalamat sa lahat ng mga organisasyon na nakalista sa gabay na ito at ang Public Defender Association, Friends of Little Saigon, Downtown Emergency Service Center, Alkalde Bruce Harrell, Miyembro ng Konseho Tammy Morales, at ang Department of Neighborhoods ng Lungsod ng Seattle.

Kung kayo'y may suhestyon na mapagkukunang maidadagdag sa gabay o may nakita kayong impormasyon na lipas na sa mga anumang mapagkukunan na nakalista sa gabay na ito, mangyaring tumugon kay don_cec@seattle.gov o tumawag sa 206-437-3735.



Huling nabago noong Enero 2023